



Ahensiya ng Kaligtasan at Pagpuksa sa Asbestos

Asbestos Safety and Eradication Agency

Ang Ahensiya

Ang Asbestos Safety and Eradication Agency (ang ahensiya) ay itinatag noong ika-1 ng Hulyo 2013 upang magbigay ng isang pambansang atensyon sa mga problema tungkol sa asbestos na sumasaklaw hindi lamang sa mga pag-aalala sa kaligtasan sa lugar ng trabaho kundi pati na sa kapaligiran at kalusugan ng publiko.

Ang ahensiya ay naglalayong makapagbigay ng katiyakan na ang mga problema sa asbestos ay makakatanggap ng kinaukulang atensyun at pansin upang magkaroon ng pagbabago sa lahat ng mga lebel ng pamahalaan.

Kasaysayan

Noong 2010, isang malawakang pagrerepaso ang ginawa ng pamahalaang komonwelt upang gumawa ng mga rekomendasyon para sa pagkakaroon ng isang pambansang istratohiyang plano upang mapahusay ang pamamahala ng asbestos sa Australya. Kasali sa pagrerepaso ang mga problema sa pangangasiwa ng asbestos nang hindi lamang para sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho kundi kasama na ang mga problema sa kapaligiran at kalusugan ng publiko. Tiningnan ang pagrerepaso ang mga problemang katulad ng edukasyon at pagkilala ng madla, pag-alis, pagbiyahe at pagtapon ng asbestos.

Ang *Asbestos Management Review Report (Ang Ulat sa Pagrepasso sa Pamamahala ng Asbestos)* na inilabas noong Agosto 2012 ay nagrekomenda ng pagtatag ng isang pambansang pang-istratohiyang plano upang mapahusay ang kaalaman at pamamahala ng asbestos sa mas malawak na komunidad. Ang pagrerepaso ay nagrekomenda ng pagkatatag ng isang hiwalay na pambansang ahensiya upang patnubayan ang pagsasakatuparan ng plano.

Ang Office of Asbestos Safety (Tanggapan ng Kaligtasan sa Asbestos) ay itinatag noong Setyembre 2012 upang simulan ang trabahong ito. Ang Tanggapan ay nagtrabahong kaakibat ang mga pamahalaan sa estado at teritoryo ganoon din ang mga samahan ng mga kliyente upang gumawa ng pang-istratohikong plano.

Ang Office of Asbestos Safety ay pinalitan ng Asbestos Safety and Eradication Agency noong ika-1 ng Hulyo 2013 sa utos ng *Asbestos Safety and Eradication Agency Act 2013*. Ang ahensiya at ang konseho nito ay hinirang na isakatuparan ang plano.

Pambansang Pang-istratehiyang Plano

Ang *National Strategic Plan for Asbestos Awareness and Removal 2013–2018* (Pambansang Pang-istratehiyang Plano para sa Kaalaman at Pag-alis ng Asbestos ng 2013–2018) (ang plano) ay inilathala noong ika-31 ng Hulyo 2013. Ang plano ay isang kauna-unahang uri at nagbabalangkas ng isang pambansang pamamaraan sa pagpupukso, pangangasiwa at kaalaman sa asbestos sa Australya.

Layunin ng plano na maiwasan ang mapalantad sa mga himaymay ng asbestos upang mapukso ang mga sakit na mula sa asbestos sa Australya. Makakamit ito ng plano sa pamamagitan ng:

- pagpapalawak ng kamulatan ng publiko sa mga panganib sa paggamit o sa pagkalantad sa asbestos
- pagbuo ng pinakamahasag na pambansang paraan sa paghawak at pamamahala ng asbestos
- pagtukoy at pag-uulat ng lokasyon at kondisyon ng mga bagay na may asbestos sa lahat ng mga gusaling pamamahalaan at pangkomersyo sa buong bansa.
- paggawa ng mga programa para sa mga prayuridad sa paglilinis ng asbestos sa buong Australya
- pag-uugnayin ang pambansang pananaliksik upang mabawasan ang panganib sa pagkakalantad sa asbestos ng komunidad Australyano
- pangungunahan ang pandaigdig na kampanya ng pagbabawal sa paggamit ng asbestos sa buong mundo.

Pag-uugnayin ng ahensiya ang mga ginagawa ng lahat ng lebel ng pamahalaan at mga kliyente sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng plano.

Ang kasalukuyang plano ay makikita sa website ng ahensiya sa www.asbestossafety.gov.au

The Asbestos Safety and Eradication Council (Ang Konseho sa Kaligtasan at Pagpupukso sa Asbestos)

Ang ginagawa ng ahensiya ay suportado ng Asbestos Safety and Eradication Council (ang konseho).

Ang konseho ay binubuo ng isang pinuno at siyam na miyembro na hinirang ng pamahalaang komonwelt. Ang mga miyembro ay pinili dahil sa kanilang kasanayan at kadalubhasaan tungkol sa kaligtasan sa asbestos, kalusugan ng publiko, pamamahala ng kompanya o kumakatawan sa mga taong may mga sakit na sanhi ng asbestos (ARDs) at ang kanilang mga pamilya. Isang puwesto ang nakalaan sa kinatawan ng komonwelt at apat para sa mga kinatawan ng estado, teritoryo o lokal na pamahalaan.

Ang konseho ay nagbibigay ng payo sa CEO at ministro tungkol sa pambansang pang-istratehiyang plano at iba pang usaping pangkaligtasan sa asbestos.

National Asbestos Exposure Register (Pambansang Talaan ng Nalantad sa Asbestos)

Ang ahensiya ay namamahala ng unang National Asbestos Exposure Register. Ang talaan ay nag-uulat ng mga detalye ng mga taong maaaring napalantad sa asbestos o mga materyales na may asbestos.

Kung sa palagay niyo ay kayo ay napalantad sa asbestos o mga materyales na may asbestos sa trabaho o sa komunidad, maaari ninyong ipatala ang inyong detalye sa pamamagitan ng pagkukumpleto sa pormang nasa aming website sa www.asbestossafety.gov.au o humingi ng porma sa pag-email sa enquiries@asbestossafety.gov.au.

Lahat ng impormasyong ilalagay sa talaan ay itatago bilang kumpidensyal at ang mga detalye ninyo ay hindi ibibigay sa iba kung wala kayong ginawang pagpapayag.

Mga Katotohanan ng Asbestos

- Ang asbestos ay salitang ginagamit para sa isang pangkat ng anim na natural na mineral na may mga himaymay
- Ang mga himaymay na ito ay kasali sa pangkat na Serpentine (chrysotile o white asbestos) o ang pangkat na Amphibole (anthophyllite, amosite, crocidolite, tremolite at ang actinolite o brown, grey o blue asbestos)
- Ang asbestos ay matagal nang kilala bilang mineral na maraming paggagamitan dahil sa madaling nababagong porma, matibay, may kakayahang hindi maapektuhan ng mainit o sa kuryente at mas mura ang bayad.

Paggamit ng Asbestos sa Australya

- Ang Australya ay isa sa may pinakamaraming paggamit ng asbestos bawat tao sa mundo
- Ang asbestos ay lubusang ginagamit sa mga industriya ng pagpapatayo ng mga gusali, pagbabarko at mga pagawaang industriya
- May isa sa bawat tatlong bahay na itinayo mula noong taong 1945 hanggang sa hulihan ng 1980 ang may asbestos sa mga bahagi nito katulad ng kisame, panloob na dinding, bubong, medya agwas, panlabas na dinding, mga nababasang lugar at mga baldusa
- Ang asbestos ay lubusang ginagamit sa paggawa ng ibat-ibang produkto kabilang na ang mga sapin sa preno, sapatilya at mga panselyado, tubo at “pipe lagging”
- Ang paggawa at paglagay ng mga produktong naglalaman ng mga asbestos na “crocidolite” at “amosite” ay ipinagbawal na mula noong 1985
- Noong patapos na ang 1980, ang paggamit ng asbestos sa mga produkto ng pagpatayo ng bahay ay lubusan nang ipinagbabawal
- Sinimulan noong ika-31 ng Disyembre 2003, ang isang pambansang pagbabawal sa importasyon at lahat ng paggamit ng “chrysotile” asbestos.

Mga sakit na nagmula sa Asbestos

- Ipinahayag ng World Health Organisation (WHO) na ang pagkakalantad sa mga hibla ng asbestos ay maaaring pagmulan ng kanser at iba pang mga sakit, kabilang na ang mga “pleural disease”, “asbestosis”, kanser sa baga at “mesothelioma”
- Ang WHO ay nagpahayag na walang pinakakaunting masasabing ligtas na pagkakalantad sa anumang porma ng mga himaymay ng asbestos
- Ang Australya ang may pinakamataas na iniulat na pagkakaroon ng sakit na sanhi ng asbestos sa bawat tao sa mundo, kabilang na ang pinakamaraming may sakit ng mesothelioma na walang kalunasan at nakakamatay
- Noong 2010, may 642 na Australyano ang namatay ng dahil sa mesothelioma
- Sa darating na 20 taon, tinatantiyang 30,000 hanggang 40,000 Australyano ang masusuring may sakit na sanhi ng asbestos.

Mga Detalye ng Matatawagan

Web: www.asbestossafety.gov.au

Email: enquiries@asbestossafety.gov.au

Telepono: 1300 326 148

Twitter: @AsbestosSafety